Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata



# Ang Maliit na Kawalan ni Gideon

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest; Alastair Paterson


Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2021 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.


Pagkatapos na mamatay si Josue, ang lahat ng mga tao sa Israel ay lumaban sa Panginoon at iniwan nila Siya sa kanilang mga buhay.



Kaya nga pinayagan ng Panginoon ang mga kapit bansa na mga taga Midian na sunugin ang mga pananim at mga bahay. Ang mga Israelites ay nakatira sa mga kueba.



Dahil si Gideon na isang Israelite ay may lupang walang nakakaalam na siya ay nakapag tanim ng trigo ng lihim. Giniik niya ang trigo sa nakatagong giikan, sa ilalim ng malaking kahoy.




Ang mga taga Midian ay walang kaalaman sa lugar na ito ngunit ang Panginoon ang nakakaalam. Ang Panginoon ay nagpadala

ng anghel ng may mensahe para kay Gideon.


Ibig ng Panginoon na sirain ni Gideon ang mga imahen ng kanyang ama at magtayo o gumawa ng altar para sa tunay na Diyos. Kahit na si Gideon ay natakut patayin siya ng kapwang Israelites, sinunod niya ang utos ng Panginoon.



Ibig din ng Panginoon na si Gideon ay mag utos ng kawalan labag sa mga masasamang taga Midian. Ngunit si Gideon ay natakut.



Humingi siya ng signal na hindi pangkar-
aniwan na ang Diyos ay nasa kanya. Noon
ilinagay niya ang kaperasong balahibo ng
balat ng tupa sa lupa.






"Kung may
hamog ang
kaperasong balahibo,
at tuyo ang paligid ng lupa,"
nanalangin si Gideon, "sa ganon
alam ko na Kayo ang magliligtas ...



... sa mga
Israelites
sa aking kamay, ayon
sa sinabi mo." Kinabukasan,
ang lupa ay tuyo, ngunit ANG
BALAHIBO AY BASANG BASA!




Si Gideon ay nagalinlangan pa rin. Ngayon gusto niya na ang Panginoon ay magpadala ng hamog sa lupa lamang ngunit hindi sa balahibo.


Kinabukasan ang lupa ay basang basa, ngunit ang

BALAHIBO AY TUYONG TUYO.


Si Gideon ay nagumpisa ng Kawalan na 32,000. Binawasan ng Panginoon ang mga kawal ng 300 na lalake.




Ayaw ng Panginoon na ang Israelites magsabi "Sa aking mga kamay ang nagligtas sa akin." Panginoon lamang ang tagapagligtas ng Israel.



Alam ng Diyos na si Gideon ay takot pa, pinarinig ng Panginoon sa lihim ukol sa isang kawal na Midianite na nagkuento sa isa sa kanila tungkol sa isang kakaibang panaginip.



Sa panaginip, isang malaking tinapay ay gumulong sa tulda ng Midianite at nasira ito.



Ang isang tagapagbantay ay takot na takot. “Ito ay ... tabak ni Gideon ...” siya ay umiyak. Nang narinig ni Gideon ang panaginip na ito, at ang kahulugan, alam niya na ang Panginoon ay magbibigay ng tagumpay sa kanya.




Nagbalak si Gideon ng atakihin sa gabi. Binigyan ng trumpeta ang bawat kawal, at mga pitsel na walang laman kung hindi may sulo sa luob ng bawat pitsel. Hinalirungan nila ang kawalan ng Midian.




Ayon sa signal ni Gideon, ang mga kawal ay magsiihip ng kanilang mga trumpeta, basagin ang mga pitsel at sindihan ang mga sulo. Gaanong ingay! Anong gulo! Ang mga takut na Midianites ay nagsitayo at tumakbo.




Pagkatapos ng dakilang panalo, ang mga lalake ng Israel ay nagsabi kay Gideon na siya ay mamumuno sa kanila.



“Ayaw kong maghari sa inyo … ang Panginoon ang maghari sa inyo,” ang sagot ni Gideon.



Alam niya na ang Panginoon lamang ang may karapatan maghari sa mga buhay ng mga tao.



# Ang Maliit na Kawalan ni Gideon

isang kuwentong nanggagaling sa Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Mga Hukom 6-9

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag."
Mga Awit 119:130

# Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16